| MATATAG<br>K to 10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 5 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | ARALING PANLIPUNAN |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | SEPTEMBER 8 - 12, 2025 (WEEK 3) | Markahan at Linggo: | Ikalawang Markahan |

| ***I.*** **ILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.*** **Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa nabuong kalinangang bayan at ugnayan sa ilang piling bansa sa Asya ng mga sinaunang Pilipino |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakapagsasagawa ng gawaing nagpapahalaga sa nabuong kalinangang bayan at ugnayan sa ilang piling bansa sa Asya ng mga sinaunang Pilipino |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>**1.** *Naibibigay ang kahulugan ng konsepto ng kalinangan at uri nito*<br>**2.** *Nasusuri ang mga paniniwala, relihiyon, at tradisyon ng sinaunang bayang Pilipino*<br>**3.** *Naiisa-isa ang iba't ibang uri ng sinaunang sining, pagpapalamuti at arkitektura ng mga Pilipino*<br>**4.** *Napapahalagahan ang kalinangang bayan bilang pagkakakilanlan ng bayan.* |
| **D. Nilalaman** | Kalinangang Bayan tungkol sa Iba't ibang Uri at Anyo ng Sining Pagpapalamuti |
| **E. Integrasyon** | SDG 4: Quality Education<br>Cultural Literacy<br>Cultural Diversity<br>Lokalisasyon<br>Kontekstwalisasyon |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**



https://www.flickr.com/photos/lualo/3679305851

Gabuat M., Mercado M., Jose M. (2016) Araling Panlipunan: Pilipinas Bilang Isang Bansa. Vibal Group Inc. Quezon City, Philippines.

Antonio E., Banlaygas E., Dallo E., (Binagong Edisyon-2017) RBS Serye sa Araling Panlipunan – Kayamanan 5, Sampaloc Manila

Baisa-Julian A., Lontoc N., (2009) Lakbay ng Lahing Pilipino 5, Phoenix Publishing House Inc., Quezon Avenue, Quezon City

Baisa-Julian A., Lontoc N., (Ikalawang Edisyon-2019) Lakbay ng Lahing Pilipino 5, Phoenix Publishing House Inc., Quezon Avenue, Quezon City


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**A. Gawain 1: Balikan Natin!**<br>Panuto: Balikan ang aralin sa pamamagitan ng paglalarawan sa pagdiriwang ng mga kagawiang panlipunan tulad ng pag-aaral, panliligaw, kasal at ugnayang pamilya<br>1.<br>2.<br><br> | Sa bahaging ito ay may kalayaan ang guro na gumamit ng ibang *technique* o paraan sa pagsasagawa ng balik-aral<br><br>Ang pagwawasto sa gawaing ito ay nasa desisyon ng guro. *(Maaaring iba't iba ang sagot)*<br><br>2 puntos – nabigyan ng malinaw na paglalarawan ang mga kagawiang panlipunan<br>1 puntos - nakapagbigay ng paliwanag tungkol sa pagdiriwang ng mga kagawiang panlipunan ngunit hindi buo ang kaisipan<br>0 puntos – walang paglalarawan |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>3. KASAL ↔ ______<br><br>4. UGNAYANG-PAMILYA ↔ ______</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>Gawain: Subukan Natin<br>Panuto: Suriin ang mga sumusunod na larawan.<br><br>Larawan ay hango sa:<br>https://pdfcoffee.com/kultura-ng-mga-sinaunang-pilipino-4-pdf-free.html<br><br>Mga Pamprosesong Tanong:<br>1. Ano ang masasabi mo sa mga larawan sa itaas?<br>2. Paano manamit at magpalamuti ang mga sinaunang Pilipino?</td>
<td>Para sa bahaging ito, malaya ang gurong magbigay pa ng mga gawain upang mas lalong malinang ang natutunan ng mga bata sa aralin.<br><br>Walang mali at tamang kasagutan para sa gawain na ito, nasa desisyon ng guro kung anong grado ang ibibigay. (Maaaring iba't iba ang sagot)</td>
</tr>
</table>

3. Paano mo mailalarawan ang sinaunang kulturang Pilipino sa anyo ng sining pagpapalamuti?

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

**Gawain 2: Pagkilala sa mga katawagan**

Panuto: Gamit ang gabay ng mga larawan sa loob ng kahon at mga ginulong salita, alamin ang tinutukoy sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa patlang.

1.Ang tawag ng mga Espanyol sa mga katutubong puno ng tato ang katawan.

| | |
|---|---|
|  (SNIATDPOS) | P __ __ T __ D __ S |

2. Isang uri ng gintong pulseras na isinusuot nila sa braso at binti.

| | |
|---|---|
| Larawan ay hango sa: https://www.pinterest.com/pin/785174516253977909/  (AGNBAESN) | G __ N __ __ N __ S |

3. Piraso ng tela na ibinabalot sa ulo

| | |
|---|---|
| Larawan ay hango sa: https://pdfcoffee.com/kultura-ng-mga-sinaunang-pilipino-4-pdf-free.html  (TONUGP) | P __ T __ __ G |

**Gawain 3: Pagkilala sa mga katawagan**

SUSI SA PAGWAWASTO


1. Pintados
2. Ganbanes
3. Putong
4. Kangan
5. Pusad

| | |
|---|---|
| | |

4. Isang tsaleko na walang kuwelyo o manggas

| | |
|---|---|
| Larawan ay hango sa: https://in.pinterest.com/pin/multicolor-gujrati-embroidery-on-sleeveless-ladies-jacket—438467713699568808/  (GANGKAN) | K __ __ G __ __ N |


5. Palamuting inilalagay sa ngipin

| | |
|---|---|
| La htt 40  8 | P __ __ __ D |

**C. Paglinang at Pagpapalalim**

**IKALAWANG ARAW**

Gawain: Balikan ang tinalakay kahapon sa pamamagitan pagtatambal ng mga larawan sa Hanay B

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
|  | KANGGAN |
|  | PUSAD |
|  | GAMBANES |

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

**Iba't ibang Uri at Anyo ng Sining Pagpapalamuti**

(Pananamit at Palamuti)

Ang sinaunang kalalakihang Pilipino ay nagsuot ng pantaas na damit na tinawag na **kanggan** (o kangan). Ang kulay ng kanggan ay batay sa katayuan sa lipunan ng may suot nito – pula para sa datu at asul o itim para sa may mas mababang katayuan sa datu. **Bahag** naman ang kanilang naging pang-ibabang kasuotan. Binalutan din nila ang kanilang ulo ng putong. Tulad sa kanggan, sinalamin din ng putong ang katangian ng may suot nito. Halimbawa, pulang putong ang suot ng mga taong nakapaslang na ng isang tao. Ang mga nakapaslang naman ng may pitong tao ay nagsusuot ng burdadong **putong**.

Sa bahaging ito ay maaring balikan ng guro ang tinalakay sa nakaraang araw (unang araw ng aralin).


SUSI SA PAGWAWASTO



- GAMBANES



- KANGGAN




- PUSAD

Sa kababaihan, ang pang-itaas na kasuotan ay ang **baro** at ang pang-ibaba naman ay ang maluwag na palda na tinatawag na **saya** ng mga Tagalog at **patadyong** ng mga Bisaya. Karaniwan din silang nagsusuot ng pula o puting tapis sa baywang.


**TULONG-KAALAMAN**

Larawan ay hango sa: https://www.slideshare.net/nwied/anoangkultura-161122022530




***Kanggan*** *– isang tsaleko na walang kuwelyo o manggas*
***Bahag*** *– piraso ng telang nakabalot sa baywang at may habang hanggang hita*
***Putong*** *– pirasong tela na ibinabalot sa ulo*

Larawan ay hango sa: https://eksamenunang.blogspot.com/2021/06/mga-kasuotan-ng-mga-babae-noong-unang.html




***Baro*** *– damit na ipinapatong na may manggas*
***Saya*** *– maluwag na palda*
***Tapis*** *– telang karaniwang ibinabalot sa baywang*


Mahilig magsuot ng mga palamuti sa katawan ang sinaunang kababaihan at kalalakihang Pilipino. Kadalasang gawa sa ginto ang mga palamuting ito. Halimbawa ng mga palamuting kanilang isinusuot ay pomaras – isang alahas na hugis rosas – at gambanes – isang uri ng gintong pulseras na isinusuot nila sa braso at binti. Nagsuot naman ang kababaiban at kalalakihang Bisaya ng

hanggang apat na pares ng gintong hikaw sa kanilang tainga. Gumagamit din sila ng ginto o pusad upang palamutian ang kanilang ngipin.

Gayundin, naglalagay sila sa kanilang katawan ng mga tato o mga permanenteng disenyo at marka sa balat. Sa pagdating ng mga Espanyol, tinawag nilang *pintados* ang mga katutubong puno ng tato ang katawan.

**TULONG-KAALAMAN**

*Pinaniniwalaan din ng mga sinaunang Pilipino na may taglay na mahika at kapangyarihan ang mga tato sa kanilang katawan na ang sino mang mayroon nito ay magtataglay ng ibayong lakas at husay sa pakikidigma. Naging tanda rin ang tato ng tapang at mga tagumpay ng mga mandirigma. Talamak ang ganitong tradisyon sa mga Bontoc, Igorot, Kalinga, at Ifugao sa kabundukan ng Hilagang Luzon.*



**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Gawain 3: TAMA o MALI**
Panuto: Isulat ang T sa patlang kung tama ang ipinapahayag sa pangungusap. Kung mali, palitan ang salitang nakasalungguhit upang gawing wasto ang pangungusap. Isulat ang sagot sa patlang

__________1. Pintados ang tawag ng mga Espanyol sa mga katutubong puno ng tato ang katawan.
__________2. Nagsuot ng pulang kanggan ang datu at iba pang kalalakihan kabilang sa mataas na antas sa lipunan.
__________3. Ang kultura ay tumutukoy sa paraan ng pamumuhay ng tao.
__________4. Ang mga palamuting isinuot ng mga sinaunang Pilipino ay karaniwang yari sa perlas.
__________5. Gumagamit din sila ng ginto o pusad upang palamutian ang kanilang buhok.
__________6. Bahag naman ang naging pang-ibabang kasuotan ng mga kalalakihan.
__________7. Ang mga kababaihan noon ay nagsusuot ng baro at skirt.


**Gawain 3: TAMA o MALI**
SUSI SA PAGWAWASTO
1. T
2. T
3. T
4. Ginto
5. ngipin
6. T
7. saya
8. T
9. T
10. pintados

**Gawain 4: FISH BONE ORGANIZER**
Susi sa pagwawasto
(Maaaring Kasagutan)
Kasuotan ng kababaihan
- Baro
- Saya

__________8. Naging tanda ang tato ng tapang at tagumpay ng mga mandirigma.
__________9. Asul o itim na kanggan naman ang isinusuot ng may mas mababang katayuan sa datu.
__________10. Sa pagdating ng mga Espanyol, tinawag nilang artist ang mga katutubong puno ng tato ang katawan.

**Gawain 4: FISH BONE ORGANIZER**


Panuto: Kumpletuhin ang Fish Bone Organizer sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga sining pagpapalamuti ng ating mga ninuno na hinihingi sa katapat na linya nito.




**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Gawain 5: Abaniko ni Juan**

Panuto: Gamit ang Paabanikong Pagsusuri ng Pangyayari (PPP), isa-isahin ang iba't ibang uri ng sinaunang sining pagpapalamuti ng mga Pilipino noon.



- Tapis

Kasuotan ng kalalakihan
- Kanggan
- Bahag
- Putong

Palamuti sa katawan ng lalaki
- Tato
- Pusad
- hikaw

Palamuti sa katawan ng babae
- pomaras
- gambanes
- hikaw
- pusad

**Gawain 5: Abaniko ni Juan**

Susi sa Pagwawasto
(posibleng kasagutan)
Kasuotan at palamuti ng kababaihan
- Baro
- Saya
- Tapis
- pomaras
- gambanes
- hikaw
- pusad

Kasuotan at palamuti ng kalalakihan
- Kanggan
- Bahag

| | | |
|---|---|---|
| | **Gawain 6: Show and Tell**<br>Panuto: Magpangkatan sa klase. Ipakita ang mga larawan na inyong nabunot at ipaliwanag kung ano ang gamit at saan ang gamit nito.<br><br>Gawing gabay sa pagtupad ng gawain ang sumusunod na rubrik.<br><br>**Rubrik sa Pagmamarka ng Ulat** | - Putong<br>- Tato<br>- Pusad<br>- hikaw<br><br>Para sa kasagutan ng mga mag-aaral sa ibabang bahagi, Malaya ang guro sa pagbibigay ng puntos batay sa kasagutan ng mga mag-aaral.<br><br>**Gawain 6: Show and Tell**<br>Tala sa Guro – sa gawaing ito, Malaya po kayong gumamit ng mga palamuti at kasuotan ng ating mga ninuno noon. |

| Pamantayan | Puntos | Nakuhang Puntos |
|---|---|---|
| Wasto ang impormasyong iniulat sa klase | 6 | |
| Mayaman sa impormasyon ang presentasyon | 6 | |
| Mahusay ang presentasyon ng impormasyon sa klase | 3 | |
| Kabuuang Puntos | 15 | |

**D. -Paglalahat**

**Ikatlong Araw**

**1. Pabaong Pagkatuto**

Panuto: Muling balikan ang larawan ng ating mga ninuno, isa-isahin ang mga palamuti at kasuotang ginamit sa larawan na iyong makikita sa ibaba.



______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

Panuto: Suriin ang natutunan at magsagawa ng pagninilay hinggil sa iyong pagkatuto mula sa araling tinalakay. Punan ng **/** ang wastong hanay sa talahanayan at sagutin ang mga kasunod na tanong

| Mga kakayahan | Hindi sapat ang kakayahan ko | Sapat ang kakayahan ko | Lubos ang kakayahan ko |
|---|---|---|---|
| Naipapaliwanag ang mga | | | |

**PABAONG PAGKATUTO**

Susi sa Pagwawasto (posibleng kasagutan)

Kasuotan at palamuti ng kababaihan

- Baro
- Saya
- Tapis
- pomaras
- gambanes
- hikaw

Kasuotan at palamuti ng kalalakihan

- Kanggan
- Bahag
- Putong
- Hikaw
- gambanes

**Pagninilay sa Pagkatuto**

Walang mali at tamang kasagutan para sa gawain na ito, nasa desisyon ng guro kung anong grado ang ibibigay. (Answers may vary)

| | | | |
|---|---|---|---|
| sinaunang sining pagpapalamuti at ang impluwensya nito sa pang-araw-araw na buhay | | | |
| Naihahambing ang mga sining pagpapalamuti noon at ngayon upang maipaliwanag ang mga nagbago ay nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan | | | |
| Nakabubuo ng konklusyon tungkol sa kontribusyon ng sinaunang kabihasnan sa pagbuo ng lipunan at pagkakakilanlang Pilipino. | | | |

Mga Tanong:

1. Anong mga kaalaman at kasanayan ang madali mong natutunan mula sa aralin?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

2. Anong mga kaalaman at kasanayan mula sa aralin ang nahirapan kang matutuhan?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Kung pag-aaralang muli ang nilalaman ng aralin at gagawin ang mga pagsasanay, paano mo higit na mapagbubuti ang iyong pagkatuto?<br>a. Sumangguni sa iyong naging sariling karanasan<br>b. Sumangguni sa iyong mga kamag-aral at tanungin ang kaniyang naging karanasan<br>c. Sumangguni sa iyong guro at humingi ng mga mungkahi | |

| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Ikaapat na Araw**<br>**1. Pagsusulit**<br>**Gawain A: Basahing mabuti ang mga katanungan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.**<br>1. Ang sinaunang kalalakihang Pilipino ay nagsuot ng pantaas na damit na tinawag na ___________.<br>a. kanggan b. bahag c. putong d. patadyong<br><br>2. Ang kulay ng kanggan ay batay sa katayuan sa lipunan ng may suot nito, anong kulay ang isinusuot ng datu?<br>a. itim o asul b. pula c. berde d. bughaw<br><br>3. Anong kulay naman ng kanggan ang isinusuot ng may mas mababang katayuan sa datu.<br>a. itim o asul b. pula c. berde d. bughaw<br><br>4. Ito naman ang tawag sa kanilang naging pang-ibabang kasuotan<br>a. Kanggan b. bahag c. putong d. patadyong<br><br>5. Ito ang tawag sa pirasong tela na ibinabalot sa ulo ng mga kalalakihan<br>a. Kanggan b. bahag c. putong d. patadyong | **PAGSUSULIT**<br>Susi sa pagwawasto<br>1. A<br>2. B<br>3. A<br>4. B<br>5. C<br>6. D<br>7. A<br>8.C<br>9. B<br>10. B<br>11. D<br>12. A<br>13. A<br>14. C<br>15. A |

6. Katulad ng kanggan, nauuri rin sa kulay o disenyo ang paggamit ng putong. Anong kulay ang ginagamit ng mga nakapaslang ng may pitong tao.
a. itim o asul b. pula c. berde d. burdado

7. Ito ang tawag sa damit ng kababaihan na ipinapatong na may manggas
a. baro b. saya c. tapis d. gambanes

8. Ito naman ang tawag sa telang karaniwang ibinabalot sa baywang ng kababaihan
a. baro b. saya c. tapis d. gambanes

9. Maluwag na palda na isinusuot ng kababaihan bilang pang-ibabang kasuotan
a. baro b. saya c. tapis d. gambanes

10. Isang alahas na hugis rosas
a. pusad b. pomaras c. pintados d. gambanes

11. Ano ang tawag sa isang uri ng gintong pulseras na isinusuot sa braso at binti?
a. pusad b. pomaras c. pintados d. gambanes

12. Gumagamit din sila ng ginto upang palamutian ang kanilang ngipin. Ano ang tawag dito?
a. pusad b. pomaras c. pintados d. gambanes

13. Ano ang tawag sa permanenteng disenyo o marka na inilalagay sa katawan ng ating mga ninuno.
a. tato b. drawing c. pintura tela

14. Ang mga katutubong puno ng tato ang katawan ay tinawag ng mga Espanyol na?
a. pusad b. pomaras c. pintados d. gambanes

15. Ano ang paniniwala ng mga sinaunang Pilipino sa paglalagay nila ng tato sa kanilang mga katawan?

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">a. may taglay na mahika at kapangyarihan ang mga tato sa kanilang katawan na ang sino mang mayroon nito ay magtataglay ng ibayong lakas at husay sa pakikidigma<br>b. hindi tatanda ang sino mang mayroon nito<br>c. nagtataglay ito ng kapangyarihan na wala ang iilan<br>d. nagiging ahas ang kanilang mga tato<br><br>2. Takdang Aralin<br>Panuto: Magsaliksik at gumuhit ng mga sinaunang kasuotan ng isang lalawigan ng Pilipinas. Ipakita sa klase bilang bahagi ng pagkakakkilanlan at kulturang Pilipino.</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5"></td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?</td><td></td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | *Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br><br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: Hannah A. Coronel*** | ***Sinuri ni: Marivic M. Pimentel, Ph.D.*** |
| ***Institusyon: Santiago A. De Guzman Elementary School – SDO Valenzuela*** | ***Institusyon: Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila*** |